


Filipino

Ikatlong Markahan – Modyul 3

Maikling Kuwento



Filipino – Ikasiyam na Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 3: Maikling Kuwento
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Juhra Misuari-Dahoroy, Eliza Francisco at Donita B. Uban

Editor: Steffany R. Fegi

Tagasuri: Elsa A. Usman, Reyna Joyce B. Barutu, EdD.

Tagaguhit: G. Edgardo P. Jamilar Jr.

Tagalapat: G. Aljohn Kent s. Galos, Jestoni H. Amores

Mga Tagapamahala: Dr. Isabelita M. Borres, CESO III

Eugenio B. Penales, EdD

Sonia D. Gonzales

Henry P. Tura

Elsa A. Usman

Reyna Joyce B. Barutu, EdD

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Kagawaran ng Edukasyon- Rehiyon IX

Office Address: Regional Center, Balintawak, Lungsod ng Pagadian

E-mail Address: region9@deped.gov.ph

Filipino
Ikatlong Markahan – Modyul 3
Maikling Kuwento

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Binabati kita at nakarating ka na sa ikatlong modyul, kaibigan! Masaya akong samahan kang muli sa paglalakbay tungo sa bago na namang makabuluhang aralin. Asahang sasamahan kita mula sa bahaging ito hanggang sa dulo!

Kaibigan, alam kong sabik kang muling bumasa ng isa pang akdang pampanitikan mula sa Asya. Huwag mag-alala sapagkat nakahanda para sa iyo ang isang kapana-panabik na kuwento mula sa Pakistan.


Sa modyul na ito, tatalakayin ang isang maikling kuwentong mula sa Pakistan na pinamagatang “Sino ang Nagkaloob?” na isinalin sa Filipino ni Rogelio Mangahas. Nakahanda rin ang ilang gawain sa bawat bahagi upang malinang ang iyong kakayahan sa pag-unawa sa maikling kuwento. Kasabay rin nito ang pagtalakay sa iba’t ibang mga pananda o hudyat ng pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari na makatutulong sa pagsasalaysay ng maikling kuwento sa masining na paraan. Masaya rin akong ipabatid sa iyo na malaya mong magagamit ang likot ng iyong imahinasyon sa pagsusulat sapagkat may nakahanda ritong puwang para sa mabubuong sariling bersiyon ng kuwento. Sa huli, inaasahan kong mapahahalagahan ang panitikan na nagmula sa Pakistan na maaring may malaking ambag sa ating mga akda. Nasasabik akong masaksihan ang iyong pag-unlad!

Nais ko ring ipaalam sa iyo na ang modyul ay nahahati sa sumusunod na paksa:

- Paksa 1 – Sino ang Nagkaloob?
- Paksa 2 – Tunggalian ng Maikling Kuwento
- Paksa 3 – Ang mga Angkop na Pang-ugnay na Hudyat sa Pagkakasunod-sunod ng mga Pangyayari

Sa ating paglalakbay, inaasahang matamo ang sumusunod habang isinasagawa ang mga gawain:

1. natutukoy ang pinagmulan ng salita (etimolohiya);
2. nasusuri ang mga tunggalian (Tao Laban sa Tao, at Tao Laban sa Sarili) sa kuwento batay sa napakinggang pag-uusap ng mga tauhan;
3. napatutunayang ang mga pangyayari at/o transpormasyong nagaganap sa tauhan ay maaaring mangyari sa tunay na buhay;
4. naituugnay sa kasalukuyan ang mga tunggaliang (Tao Laban sa Tao at Tao Laban sa Sarili) napanood na programang pantelebisyon;
5. naisusulat muli ang maikling kuwento nang may pagbabago sa ilang pangyayari at mga katangian ng sinuman sa mga tauhan; ang sariling wakas sa naunang alamat na binasa; at
6. nagagamit ang angkop na pang-ugnay na hudyat ng pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa lilikhaing kuwento.



Subukin

Kaibigan, handa ka na ba sa paglalakbay tungo sa pagkatuto? Bago tumuloy, tayahin muna natin ang iyong kaalaman sa paksa. Huwag mag-alala kung mali ang iyong sagot sapagkat panimula pa lamang ito at tiwala akong makukuha mo rin ang wastong sagot sa pagtatapos ng modyul. Simulan na natin kaibigan!

Panuto: Basahin at unawain mo ang mga tanong. Piliin at isulat lamang ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ang mga pangatnig at *transitional devices* ay nakatutulong sa _____.
 - A. pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa isang kuwento.
 - B. pagtukoy sa mga pangunahing tauhan sa maikling kuwento.
 - C. pagkilala kung kailan naganap, nagaganap, gaganapin ang kilos.
 - D. pagbibigay ng kahulugan sa konotasyon at denotasyon ng mga salita.
2. Anong uri ng panandang pandiskurso ang mga salitang nakasalungguhit sa pangungusap na nasa loob ng kahon?

“Sa bandang huli ay napagtanto niya ang kaniyang pagkukulang bilang isang anak”.

- A. Pananda sa pananaw ng awtor
 - B. Pananda sa pagbibigay ng kondisyon
 - C. Pananda sa pagkakasunod-sunod ng pangyayari
 - D. Wala sa nabanggit
3. Anong uri ng maikling kuwento ang nagsasalaysay ng mga hindi kapani-paniwalang pangyayari?
 - A. Kuwentong Sikolohiko
 - B. Kuwentong Pangkatauhan
 - C. Kuwento ng Kababalaghan
 - D. Kuwento ng Madulang Pangyayari
 4. Alin sa sumusunod ang HINDI naglalarawan sa etimolohiya ng mga salita?
 - A. Pag-aaral sa pinagmulan
 - B. Pag-aaral sa pagkakabuo
 - C. Pag-aaral sa kahulugan ng salita
 - D. Pag-aaral sa makabuluhang tunog

5. Alin sa sumusunod na tunggalian ng maikling kuwento ang tumutukoy sa paglaban ng panghunahing tauhan sa kanyang sariling paniniwala, pinsipyo at palagay?
- A. Tao Laban sa Tao
 - B. Tao Laban sa Sarili
 - C. Tao Laban sa Lipunan
 - D. Tao Laban sa Kalikasan

6. Anong uri ng tunggalian ang nangingibabaw sa talata?

“Nakasasawa na ang ganitong buhay. Bakit kailangan kong akuing mag-isa ang responsibilidad ng pag-aalaga kay itay? Dapat ko na ba siyang iwan?” Naguguluhang bulong ni Boy sa sarili.

- A. Tao Laban sa Tao
- B. Tao Laban sa Sarili
- C. Tao Laban sa Lipunan
- D. Tao Laban sa Kalikasan

7. Anong uri ng tunggalian ang nangingibabaw sa talata?

“Pinagsisihan kong ipinaalam ko sa kanila ang aking balak. Ngayon ako’y nag-iisa, nilayuan nila ako. At tinitingnan ng lahat bilang masamang anak”.

- A. Tao Laban sa Tao
- B. Tao Laban sa Sarili
- C. Tao Laban sa Lipunan
- D. Tao Laban sa Kalikasan

8. Anong uri ng tunggalian ang nangingibabaw sa talata?

“Hindi madaling pasukin ang kagubatang iyon. Madilim at masukal. Bumuhos pa ang ang malakas na ulan kaya halos hindi na niya matanaw ang daan. Subalit hindi siya mapipigil nito, hindi niya isusuko ang kaniyang hangarin”.

- A. Tao Laban sa Tao
- B. Tao Laban sa Sarili
- C. Tao Laban sa Lipunan
- D. Tao Laban sa Kalikasan

9. Alin sa sumusunod ang tumutukoy sa isang masining na anyo ng panitikang naglalaman ng isang maiksing salaysay tungkol sa isang mahalagang pangyayaring kinabibilangan ng isa o ilang tauhan at nag-iwan ito ng isang kakaintalan sa isip ng mga mambabasa?

- A. Alamat
- B. Pabula
- C. Parabula
- D. Maikling Kuwento

10. Alin sa sumusunod ang uri ng kuwento na ang pinag-uusapan ay mga salaysaying hindi kapani-paniwala?

- A. Apologo
- B. Kababalaghan
- C. Katatakutan
- D. Tauhan

11. Alin sa sumusunod ang pangunahing ginagamit upang maipakita ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa isang kuwento?

- A. Pandiwa
- B. Pantukoy
- C. Pang-abay
- D. Pang-ugnay

12. “Ibig ko ring mangibang bansa gaya ng mga kaibigan ko at mamuhay nang malaya _____ sa tuwing maisip ko ang sitwasyon ng aking pamilya ay nadadaig nito ang pagnanais na iyon”. Ano ang angkop na gamiting pang-ugnay upang mabuo ang pangungusap?

- A. datapwat
- B. kaya
- C. palibhasa
- D. subalit

13. Anong pang-ugnay ang ginamit sa pahayag na nasa kahon?

“Huwag nating iisiping pabigat ang ating mga magulang lalo na kung nasa dapithapon na sila ng kanilang buhay. Nararapat lang na sila ay alagaan sapagkat sila ang nagluwal sa atin sa mundong ito”.

- A. pabigat
- B. nararapat
- C. sapagkat
- D. huwag

14. Mula sa wikang latin na *discursus* na nangangahuluang *running to and from*. Ano ang tawag dito na naiugnay sa pasalita at pasulat na komunikasyon?

- A. Diskurso
- B. Etimolohiya
- C. Pang-ugnay
- D. Tunggalian

15. Alin sa sumusunod ang tumutukoy sa pag-aaral kung paano nag-iba ang anyo at ang pinagmulan ng salita?

- A. Diskurso
- B. Etimolohiya
- C. Pang-ugnay
- D. Tunggalian

Aralin

1

Maikling Kuwento

Magaling! Nakikita ko ang iyong kahandaan sa ating paglalakbay! Ngayon naman ay papasukin natin ang mundo ng mga taga-Pakistan at sabay nating pag-aralan ang kanilang mga akdang pampanitikan. Makikila natin sa akdang ito ang mag-ama mula sa Pakistan na magkasalungat ang paniniwala sa buhay. Alam kong iniisip mo na kung saan sila magkasalungat at hanggang saan aabot ang pagkakasalungat na iyon. Sa kaunting sandali na lamang ay sabay rin nating matutuklasan iyan.

Sagutin muna natin ang susunod na gawain.



Balikan

Bago simulan ang pagbabasa, nais ko munang paglaanan natin ng kaunting oras at pagmumuni-munihan ang tanong na ito; ano ang kaya mong gawin o isakripisyo para sa iyong magulang? Isulat sa kahon ang iyong sagot.

Kahanga-hanga! Maraming salamat sa pagtanaw na ito. Narito ang akdang ating babasahin. Ito ay isang kuwentong likha ni Dr. Romulo N. Peralta na batay sa *text message* na ipinadala sa kaniya.



Mga Tala para sa Guro

Ang guro ay maaaring gumamit ng mga tala o *handouts* sa pagsasakatuparan ng mga mag-aaral sa modyul.



Tuklasin

Magbasa Tayo!

Basahin ang nakaaantig na kuwentong “**Nang Minsang Naligaw si Adrian**” na matutunghayan sa **Panitikang Asyano, Modyul ng Mag-aaral sa Filipino 9, pahina 14-15**. Pagkatapos mong basahin ang akda, sagutin ang mga tanong sa Gawain 1 at 2.

Gawain 1: Panuto: Hanapin ang katambal ng salitang nasa hanay A sa Hanay B. Isulat lamang ang titik ng iyong sagot sa patlang na inihanda.

A

B

SALITA

- ___ 1. *ospital*
- ___ 2. *operasyon*
- ___ 3. *propesyon*
- ___ 4. *abogado*
- ___ 5. *abogasya*

ETIMOLOHIYA

- A. Latin, bokasyon na naitatag sa espesyalisadong pagsasanay
- B. Latin, *advocatus* ibig sabihin ay manananggol
- C. Kastila, *operacion* o proseso ng pag-ooopera sa katawan ng pasyente
- D. Ingles, hospital o gusaling pagamutan
- E. Espanyol, abogacia o propesyon ng batas

Gawain 2: Panuto: Sagutin ang sumusunod na katanungan.

1. Paano mo ilalarawan si Adrian bilang isang anak?
2. Ano ang dahilan bakit nais ni Adrian kumawala sa responsibilidad?
3. Sa iyong pananaw, makatarungan ba ang ginawa ni Adrian sa kaniyang Ama? Bakit?



Suriin

Magaling kaibigan! Batid kong namangha ka sa mga pangyayaring naganap sa binasa nating kuwento. Napansin mo bang ang nagpapatingkad sa kuwentong iyon ay ang mga tunggalian o paglalabanang naganap sa pagitan ng mga tauhan? Oo, kaibigan! Bahagi ng kuwento ang tunggalian, ito ay pakikitunggali o pakikipagsapalaran ng pangunahing tauhan laban sa mga suliraning kahaharapin maging panloob man o panlabas. Halika't alamin natin kung ano-ano ang mga ito.

Tunggalian sa Maikling Kuwento

1. Tao Laban sa Sarili

Ito ay panloob na tunggalian dahil nangyayari ito sa mismong sarili ng tauhan. Kabilang dito ang suliraning moralidad at paniniwala. Karaniwang pinoproblema ng tauhan ay kung ano ang kaniyang pipiliin, ang tama o mali, mabuti o masama.

Halimbawa: Ang binata ay nagdadalawang-isip na kunin ang natitirang pera ng kaniyang ina dahil baka siya ay pagalitan.

2. Tao Laban sa Tao

Ang tunggaliang ito ay ang pangunahing uri ng panlabas na tunggalian. Dito, ang tauhan ay nakikipagbanggaan sa isa pang tauhan. Ito ay labanan ng klasikong bida laban sa kontrabida o mabuti laban sa masamang tao.

Halimbawa: Nakipag-away siya sa kapuwa tindera dahil lamang sa maling balita.

3. Tao Laban sa Lipunan

Umiiral ang panlabas na tunggaliang ito kapag lumilihis ang tauhan o mga tauhan sa mga pamantayang itinakda ng lipunan. Nangyayari din ito kapag tahasang binabangga o binubuwag ng tauhan ang kaayusang sa tingin niya ay sumusupil o kumokontra sa kaniya.

Halimbawa: Pinaratangan siyang aswang kaya ngayon ay tinutugis siya ng buong barangay.

4. Tao Laban sa Kalikasan o Kapaligiran

Ang tunggaliang ito ay madalas na tumutukoy sa mga kalamidad tulad ng lindol, sunog, at baha. Ang mga ito ang kalaban ng tao na kadalasan ay pinagbubuwisan ng buhay.

Halimbawa: Bumuhos ang malakas na ulan kaya natangay ng baha ang kanilang mga gamit.

Kapuri-puri! Natutuhan mo ngayon ang mga tunggaliang madalas na nakapaloob sa maikling kuwento. Gaya ng akdang binasa, naging mas makulay ang takbo ng mga pangyayari dahil sa tunggaliang naganap. Ngunit bukod sa tunggalian ay mahalaga ring maayos at malinaw ang pagsasalaysay sa kuwento upang mapanatili ang interes ng mambabasa. Kaya sa puntong ito, nais kong ibahagi sa iyo ang isa sa mga sangkap upang higit na masining na maisalaysay ang isang kuwento. Basahin at pag-aralan mo ito.

Alam mo bang...

May mga kataga, salita, o parirala na madalas na ginagamit sa pagbibigay ng linaw sa mga pahayag. Tinatawag itong **panandang pandiskurso**. Ang mga panandang ito ay **nagbibigay hudyat sa pagkakasunod-sunod** ng mga pangyayari. Narito ang ilan sa mga halimbawa ng mga panandang pandiskurso. At, saka, pati, unga nito, sanhi ng, kaya naman, samakatuwid, sa madaling sabi kung sakali, kapag, kung, sa palagay ko, sa tingin ko, una, pangalawa, sa bandang huli, at sa pamamagitan ng.

Tinatawag ding *transitional devices* ang mga kataga o pariralang nag-uugnay sa pagkasunod-sunod ng mga pangyayari, at paguugnay-ugnay ng isang ideya tungo sa isa pa.

Narito ang halimbawa:

Sa **bandang huli**, pinagsisihan niya ang ginawa sa ama.

Kaibigan! Ngayong may sapat ka ng kaalaman sa mga tunggalian ng kuwento at mga panandang pandiskurso, inaasahang magawa mo ang nakahandang gawain sa ibaba. Nais kong ibahagi mo ang iyong kahusayan sa pagsulat. Tama, kaibigan! Ikaw ay binibigyan ng pagkakataon na isulat muli ang kuwento nang may kaunting pagbabago sa pangyayari at sa tauhan. Malaya mong magagamit ang yaman ng iyong imahinasyon. Inaasahan ko rin na gagamitin mo ang mga natutuhan sa **panandang pandiskurso** sa pagsusulat upang mapalutang natin lalo ang sining ng iyong sulatin. Alam kong kayang-kaya mo iyan! Simulan na natin!


Gawain 3:

Panuto: Sumulat ng sariling bersiyon ng kuwento. Narito ang mga hakbang na dapat isaalang-alang sa pagbuo ng sariling akda.

1. Muling isulat ang kuwento na naayon sa iyong panlasa.
2. Maaring baguhin ang pamagat, ilan sa mga pangyayari at karakter ng tauhan sa kuwento.
3. Inaasahang nagagamit ang mga angkop na panandang pandiskurso sa iyong akda.
4. Binubuo ng tatlo o higit pang talata.
5. Isulat sa sagutang papel.

Pamantayan sa Pagsulat ng Sariling Bersiyon ng Kuwento

Binigyan ng Tuon	Natatangi 5	Katamtamang Kagalingan 3	Nangangailangan ng tulong 1
Tauhan	Umaangkop ang kilos sa karakter na ginagampanan nito.	Umaangkop ang kilos sa karakter ginagampanan nito. Ngunit may pagkakataong hindi konsistent.	Hindi umaangkop ang kilos at pananalita sa katauhang ginagampanan nito.
Banghay	Maayos ang pagkabalangkas ng pangyayari	May pagkakaugnay-ugnay ang mga pangyayari ngunit may ilang bahagi na naging masalimuot	Magulo at nakalilito ang mga pangyayari
Wika/Gramatika	Nagagamit nang angkop ang salita at mga bantas.	Nagagamit nang angkop ang salita ngunit may ilang kamalian sa paggamit ng bantas.	Hindi angkop ang salita at mga bantas na ginamit.




Pagyamanin

Ang layo nang ating narating, kaibigan! Sa puntong ito, pagyamanin nating lalo ang mga konseptong iyong natutuhan. Nakahanda rito ang mga gawaing makatutulong sa iyo. Sagutin natin, kaibigan!

Gawain 4:

Panuto: Basahin at suriin ang mga pangyayari sa kuwento. Pumili ng isang sitwasyon mula sa kuwento na kakikitaan ng tunggaliang **Tao Laban sa Tao o Tao laban sa Sarili**. Isulat sa kahon ang napiling pangyayari at tukuyin kung anong uri ng tunggalian iyon at suportahan ng maikling paliwanag ang iyong sagot.



Gawain 5:

Panuto: Pumili ng isang paboritong eksena mula sa pinanonood/napanood na teleserye o pelikula na nagpapakita ng tunggalian ng **Tao Laban sa Tao o Tao Laban sa Sarili**. Suriin ang napiling eksena sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong.


Tanong	Sagot
Ano ang pamagat ng teleserye/pelikula?	
Ano-ano ang mga katangian ng mga pangunahing tauhan?	
Ano ang suliranin ng pangunahing tauhan?	
Ano-ano ang mga tunggaliang nagingibabaw sa napanood na eksena? Ipaliwanag ang sagot.	
Sa iyong palagay, ano ang magiging epekto ng ipinakitang tunggalian sa kabataang gaya mo? Sa lipunan? Ipaliwanag ang iyong sagot.	
Bilang kabataan, ano ang maimumungkahi mong solusyon upang maiwasan ang pag-iral ng gayong tunggalian?	

**Isaisip**

Halina't matuto pa, kaibigan! Alam kong naging makabuluhan ang ating paglalakbay subalit nais ko pang dagdagan ang iyong mga kaalaman. Handa ka na ba? Magaling! Ngayon ay basahin at isaisip ang ibabahagi ko sa iyo sa ibaba. Pag-igihan mo!

Alam mo bang...

- Ang **maikling kuwento** ay isang maikling salaysay tungkol sa isang mahalagang pangyayari na kinasasangkutan ng isa o ilang tauhan. Ang mga pangyayari ay nag-iiwan ng kakintalan sa isip ng mambabasa. Bahagi ng kuwento ang tunggalian. Ito ay pakikitunggali o pakikipagsapalaran ng pangunahing tauhan laban sa mga suliraning kahaharapin. Narito ang ilan sa mga tunggalian na madalas lumutang sa isang kuwento: **Tao Laban sa Tao, Tao Laban sa Sarili, Tao Laban sa Lipunan, at Tao Laban sa Kalikasan.**
- Ang **Etimolohiya** ay ang pag-aaral ng kasaysayan ng mga salita at kung paano nag-iba ang mga anyo at ibig sabihin ng mga ito sa paglipas ng panahon.
- Ang **diskurso** ay mula sa wikang latin na *discursus* na nangangahulugang *running to and from* na maiuugnay sa pasalita at pasulat na komunikasyon.




Isagawa

Mahusay! Sa bahaging ito, nakatitiyak akong lubos mo nang naunawaan ang ating aralin. Subalit lalong magiging makabuluhan ito kung maililipat natin sa tunay na pangyayari sa ating buhay. Narito akong muli upang gabayan ka! Gawin natin ang nakahandang gawain. Husayan mo, kaibigan!

Gawain 6:

Panuto: Pumili ng isang pangyayari sa kuwento na naranasan mo o ng isang kakilala at isulat ito sa kahon sa ibaba. Sa katapat na kahon naman ay isulat ang transpormasyong naganap sa tauhan ng itinalang sariling karanasan o ng iyong kakilala. Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong kaugnay nito.

**Gawain 7:**

Panuto: Sumulat ng isang maikling salaysay tungkol sa iyong karanasan. Sundan ang mga hakbang sa ibaba:

1. Ang iyong komposisyon ay inaasahang tumatalakay sa alinman sa sumusunod na paksa.
 - a. paninindigan sa sariling paniniwala
 - b. pasasalamat sa biyayang natanggap
 - c. pagpapakumbaba o pagtanggap sa kamalian
 - d. tampuhan sa isa o higit pang miyembro ng pamilya
6. Gumamit ng mga angkop na panandang pandiskurso sa pagsasalaysay.
7. Ang komposisyon ay hindi bababa sa tatlong talata.
8. Isulat sa sagutang papel o *activity notebook*.

Pamantayan sa Pagsulat ng Salaysay

Krayterya	Napakahusay 5	Katamtaman 3	Nangangailangan ng Gabay 1
Paglalahad ng Paksa	Napakahusay na inilahad ang paksa sa pamamagitan ng pagiging malikhaing pagsulat nito	Inilahad ang paksa sa katamtamang pamamaraan ng pagsulat nang may pagtatangka sa pagiging malikhain nito	Nangagailangang paunlarin ang kasanayan sa pagsulat
Nilalaman	Naisulat ang katawan ayon sa mga suportang ideya na tumutugon sa kabuoan ng sanaysay	Naisulat ang katawan ayon sa isang ideya na tumutugon sa bahagi ng sanaysay	Naisulat ang katawan ayon sa magkakaibang ideya na tumutugon sa kabuuan ng sanaysay
Konklusyon	Naisuma ang sanaysay ayon sa pangkabuoang kaisipan	Katamtamang naisuma ang sanaysay ayon sa kaisipan	Hindi naisuma ang buong sanaysay
Wika/Gramatika	Nagagamit nang angkop ang mga salita sa paguugnay-ugnay ng mga ideya	Naiuugnay ang mga ideya ngunit may ilang salitang hindi angkop sa pangungusap	Walang kaisahan sa mga ideya



Tayahin

Napakagaling! Nakatutuwang isiping humantong na tayo sa bahaging ito. Nangangahulugang ikaw ay isang mahusay na manlalakbay! Sa puntong ito, susubukin natin ang iyong kaalaman sa mga araling tinalakay. Panahon na upang magpakitang gilas, Kaibigan! Alam kong madali na lang ito para sa iyo. Simulan na natin!

Panuto: Basahin at unawain ang mga tanong. Piliin at isulat lamang ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ang salitang kumusta ay nagmula sa salitang *como esta*. Anong wika ang pinagmulan nito?
 - A. Bisaya
 - B. Chavacano
 - C. Espanyol
 - D. Ingles

2. Alin sa sumusunod na salitang Ingles ang maaring pinagmulan ng salitang nakasalungguhit?

Naks, isputing tayo ah! Saan lakad natin, p're?

- A. sport
- B. sporting
- C. spotting
- D. shooting

3. Anong salita ang nabuo mula sa salitang *flauta* ng wikang Espanyol?
- A. plato
 - B. pluto
 - C. plawta
 - D. puto

Para sa aytem 4-7, punan ng angkop na panandang pandiskurso ang patlang upang mabuo ang diwa ng bawat pangungusap.

4. Ang sakit na COVID-19 ay _____ isang bagong virus na na kumakalat sa buong mundo.
- A. una
 - B. kung
 - C. bukod
 - D. dulot ng
5. Ayon sa mga eksperto, maaring maiwasan ito _____ mapapanatili ang anim na talampakang (2 metro) layo mula sa ibang tao kapag nasa labas ng bahay.
- A. una
 - B. kung
 - C. bukod
 - D. dulot ng
6. _____ sa pisikal na layo, pinapayuhan ding magsuot ng *face mask* sa tuwing lalabas ng bahay.
- A. At
 - B. Kung
 - C. Bukod
 - D. Dulot ng
7. Bilang ordinaryong mamamayan ay may maitutulong tayo sa ating mga *frontliners* sa paglaban sa COVID-19 sa _____ pamamalagi sa ating tahanan.
- A. at
 - B. kung
 - C. bukod
 - D. pamamagitan ng
8. Sa aytem 7, ano ang gamit ng panandang pandiskurso sa pangungusap? Ginamit ito upang—
- A. sumahin ang idea
 - B. paghiwalayin ang idea
 - C. magbigay ng halimbawa
 - D. magbigay ng impormasyon

9. Anong uri ng tunggalian ang nangingibabaw sa sitwasyon na nasa loob ng kahon?

Nagkaroon ng mainit pagtatalo sa pagitan ng magkakapatid kung sino ang dapat na mag-alaga sa kanilang ubanin. May ilang bagay na hindi napagkasunduan kaya tuluyan nang nagkalamat ang kanilang relasyon at magpahanggang ngayon ay hindi na nila kinikibo ang isa't isa.

- A. Tao Laban sa Tao
- B. Tao laban sa Sarili
- C. Tao Laban sa Lipunan
- D. Tao Laban sa Kalikasan

10. Anong uri ng tunggalian ang nangingibabaw sa pahayag na nasa loob ng kahon?

Mabigat sa loob niya ang nabuong desisyon. Ang desisyong iwan ang kaniyang pamilya, subalit pinipilit pa rin niyang paniwalain ang sarili na iyon ang tamang gawin.

- A. Tao Laban sa Tao
- B. Tao laban sa Sarili
- C. Tao Laban sa Lipunan
- D. Tao Laban sa Kalikasan

11. Anong uri ng tunggalian ang lumulutang sa sitwasyon sa ibaba?


“Kaysama ng taong iyan. Nagawa niyang abandonahin ang kaniyang magulang. Walang utang na loob!” Ito ang mga masasakit na salitang natatanggap ni Boy mula sa mga kakilala. Idagdag pa rito ang mga tinging mapang-usig mula sa mga kapitbahay. Pakiramdam niya, inayawan na siya ng lahat.

- A. Tao Laban sa Tao
- B. Tao laban sa Sarili
- C. Tao Laban sa Lipunan
- D. Tao Laban sa Kalikasan

12. Naibabalita sa telebisyon na maging mga artista ay hindi nakaliligtas sa mga mapanakit na puna ng mga *netizen*. Anong tunggalian ang ipinapakita rito?

- A. Tao Laban sa Tao
- B. Tao laban sa Sarili
- C. Tao Laban sa Lipunan
- D. Tao Laban sa Kalikasan

13. Ayon sa balita, marami sa kababayan natin ang nahuli dahil sa paglabag sa *health protocol*. Waring nahihirapang sumunod sa patakaran dahil hindi madisiplina ang sarili. Anong tunggalian ang lumulutang sa sitwasyong ito?
- Tao Laban sa Tao
 - Tao laban sa Sarili
 - Tao Laban sa Lipunan
 - Tao Laban sa Kalikasan
14. Hindi lumilipas ang isang taon nang hindi dumaraan ang isang mapaminsalang bagyo sa bansa na nagdudulot ng pagkawasak ng ari-arian ng ilang kababayan. Ang ganitong mga pangyayari ay nagpapakita ng tunggalian sa pagitan ng _____.
- Tao Laban sa Tao
 - Tao laban sa Sarili
 - Tao Laban sa Lipunan
 - Tao Laban sa Kalikasan
15. Ang mga pangyayari sa kuwentong “Nang Minsang Naligaw si Adrian” ay maaaring sumasalamin sa mga pangyayari sa tunay na buhay. Alin sa sumusunod ang mabigat na mensaheng nakapaloob sa akda?
- Matutong magpasalamat sa mga biyayang natatanggap.
 - Maaaring bumitaw kung hindi na kaya ang responsibilidad.
 - Maraming responsibilidad na dapat gampanan ang isang anak.
 - Walang kapantay ang halaga ng magulang kaya hindi sila dapat ipagpalit kahit sa anomang bagay.



Karagdagang Gawain

Kumusta, kaibigan? Batid kong masaya ka sa puntong ito sapagkat nasagutan mo nang tama ang mga katanungan sa bahaging *Tayahin*. Binabati kita! Gusto mo pa ba? Ito at naghanda ako ng panghuling gawain para sa iyo. Gawin natin ang mungkahing karagdagang gawain. Gaya ng ipinangako ko sa iyo, kaibigan, sasamahan kita hanggang sa dulo! Tara! Gawin na natin.

Gawain 1:

Panuto: Magsaliksik ng limang salita at tukuyin ang pinagmulan ng bawat isa.

Punan ang mga patlang.

SALITA	PINAGMULAN NG SALITA
1. _____	_____
2. _____	_____
3. _____	_____
4. _____	_____
5. _____	_____

Mabuhay! Binabati kita sa iyong pag-unlad! Katulad mo ay lubos akong nagagalak na nakasama ka sa isang makabuluhang paglalakbay tungo sa pagkatuto. Natitiyak kong malaki ang maitutulong sa iyo ng mga konseptong natutuhan hinggil sa mga tunggalian sa maikling kuwento at kahalagahan ng panandang pandiskurso sa pagsuong mo sa mga gawain sa mga susunod na araw.

Ngayon ay handa ka na sa paglalakbay sa mundo ng mga alamat. Sa modyul na ito, mabubusog ang iyong isipan sa mga akdang punong-puno ng hiwaga gayundin sa paksang tumatalakay sa paglalapi at mga pang-abay. Huwag kang mainip dahil maaari ka pang magpakitang-gilas sa susunod na modyul. Lagi mong tatandaan, narito lamang ako upang samahan at gabayan ka sa iyong pagkatuto.

Hanggang sa muli, kaibigan!



Susi sa Pagwawasto

SUBUKIN

1. A
2. C
3. C
4. D
5. B
6. A
7. C
8. D
9. D
10. B
11. D
12. D
13. C
14. A
15. B

TUKLASIN

Gawain 1

1. D
2. C
3. A
4. B
5. E

TAYAHIN

1. C
2. B
3. C
4. D
5. B
6. C
7. D
8. C
9. A
10. B
11. C
12. A
13. B
14. D
15. D

Mga Sanggunian

Mga Aklat

- Peralta, R.N. et. al. (2015). Panitikang Asyano, Modyul ng Mag-aaral sa Filipino 9, Republika ng Korea Prinpia Co., Ltd., Korea.
- Ambat, V. C., et.al. (n.d.) Panitikang Pandaigdig, Modyul ng Mag-aaral sa Filipino 10, Lungsod Quezon: Vibal Group, Inc.
- Balazo, I. C. (2000). Wika at Panitikan, Batayang Aklat Filipino IV, JMG & S Corporation, Don Pepe cor. Simoun streets, Sta. Mesa Heights, Lungsod Quezon

Mga Elektronikong Sanggunian

- Kahulugan ng *Discursus*. Mula sa <https://images.app.goo.gl/YKhLPmgFQNaNyN1L9>.
- Kahulugan ng Diskurso. Mula sa <https://images.app.goo.gl/uPtUJ9KaLMpPsvdm9>.
- Rubrik sa Pagsasalaysay. Mula sa <https://www.scribd.com/document/450706426/RUBRIK-SA-PAGSASALAYSAY>.
- Rubrik sa Pagsulat ng Maikling Kuwento. Mula sa <https://www.scribd.com/document/416864419/Rubric-Maikling-Kwento>.

Para sa mga tanong o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph